Pahintulot na Makilahok sa ZEP PPI Survey

Magandang araw, ako po si *(Pangalan ng taga-interbyu)* mula sa *(Pangalan ng organisasyon)* na nakikipagtulungan sa Zero Extreme Poverty Philippines 2030 Movement or ZEP. Ang ZEP ay koalisyon ng mga organisasyon na naglalayong magtulungan para masugpo ang labis na kahirapan sa ating bansa.

Nais namin kayong makapanayam ng 10-15 minuto lamang upang matanong patungkol sa inyong pamilya at inyong pang-edukasyon at ekonomiyang kondisyon. Ang resulta ng aming pakipanayam ay malaking tulong sa ZEP para malaman ang mga pangangailangan ng inyong pamilya at komunidad.

Ang inyong paglahok dito ay boluntaryo at naaayon lamang sa inyong kagustuhan. Ang mga impormasyong inyong ibabahagi ay gagamitin ng may pag-iingat at mananatiling pribado sa pangangalaga ng aming opisina. Ang inyong mga kasagutan ay pag-aaralan ng pangkabuuan kasama ng iba pang pamilya at ang inyong indibidwal na impormasyon ay hindi ipapalabas sa anumang publikasyon ng walang inyong pahintulot.

Kung kayo ay mapabilang sa mga programa ng ZEP, may posibilidad na makuhanan ang inyong pamilya ng litrato o video at magamit sa pagpalabas ng balita, pang-promosyon o pang-edukasyon na materyales na ipapalabas sa pamamagitan ng nakalimbag at electronic na publikasyon, ipalabas sa website o social media.

Kung kayo ay komportable na makilahok sa interbyu, ibigay ang inyong pahintulot:

Pangalan at Lagda: _____Petsa:_____

Binigkas na pahintulat (imbes na nakasulat): OO | HINDI

Pangalan at Lagda ng Taga-Interbyu: _____ Petsa:_____